**Abstract**
This is a balagtasan piece by The Makatàs on the controversial Anti-Terror Law. Written by Dakila Cutab, Karl Isaac Santos, and RR Cagalingan as a protest for the continued persecution of activists in the Philippines.

**Keywords**
Balagtasan, traditional poetry, poetry in Filipino, verbal joust, anti-terror law

# ANTI-ANTI-TERROR LAW vs. PRO-ANTI-TERROR LAW

**THE MAKATÀS:**
**KARL ISAAC SANTOS** – LAKANDIWA
**DAKILA CUTAB** – ANTI
**RR CAGALINGAN** – PRO

**[LAKANDIWA]**

Halina! Halina! Magbasa ng tula
Sa isa pong paksa na may angking banta
Sa malayang Pinoy ay nakagitgitla—
Kontra terror daw po ay isang sakuna.

Ngunit mayroon ding dito'y pumapanig
Kontra terorista ang kanilang ibig.
Maling idea raw ay dapat malupig
At maling gunita ay nais mausig.

Karl Isaac Santos, batang Muntinlupa,
Preso ng pag-ibig, bilanggong malaya.
Hindi Sigue-sigue kung tumalinghaga
Sino mang katalo'y di nababahala.

Dalisay magmahal sa ina at bayan.
Lubos kung igalang, ama't kalayaan.
Kapatid ng masa, kosa sa inuman.
Isputnik lumaban sa kalye't tulaan.

Sa labas ng rehas ay bumabalagtas,
Bastonerong armas ay wikang marahas.
Pagsuko ang lunas sa mga pangahas
Sumubok sa talas ng makatang danás.

Di po maka-Kanan, di rin po Kaliwa—
Sa *Likhaan 15*, ako'y pumagitna,
Kami'y The Makatàs, may armas na wika,
Nais pong timbangin ang bawat dálitâ.

**[ANTI]**

Mula sa Camiguin na islang maalab,
May pito pong bulkang labis ang lagablab,
Kaya ang makata'y may angking dagitab,
Mainit magmahal si Dakila Cutab.

Ngunit nagbago na ang aking panahon,
Kung ako'y umibig, di na tulad noon.
Ikinasal na po kaya napa-move on,
Hindi na marupok ang puso ko ngayon.

Kaya ang salita ay di na marahas,
Pati ang pagtula'y di na pambabanas,
Ito ang panahong inangat ang antas
Sa mga tindig kong hango kay Balagtas.

Noong kolonya pa itong ating bansa
Ay hindi na lingid sa mga Kastila
Na may paparating kay laking banta:
Isang rebolusyon na magpapalaya.

Pinangungunahan ng mga Indio,
Mga "taong labas" at mga Bandido—
Siláng mga Sílang, Gabriela't Diego,
Pati sina Andres, Emilio't Macario.

Sila ang tumugon sa aklat ni Pepe.
Hinamon ang hari mula kay Felipe
Hanggang kay Alfonso sa trono ay Trese.
Ang ating ninuno ay kusang rebelde.

**[PRO]**

RR Cagalingan ang aking pangalan.
Kahit kagalingan, meron ding hanggahan.
Nangangayayat man ang pangangatawan,
Kayo'y hahandugan ng linyang malaman.

Handa nang sumabak, pagtula ang armas.
Sundalong makatang aral kay Balagtas.
Kung ang katalo man ay may angking talas,
Hindi magigitla sa tuklaw ng ahas.

Salamat sa iyong munting paalala
Hinggil sa lumipas na ating minana.
Sa mga bayaning idinadambana,
Nagpupugay ako at kumikilala.

Tama ang lumaban, tama ang pumalag!
Kapag rebolusyon, sa wakas, nagwakas,
Ating hinahanap ang tibay at tatag
Ng pamahalaang hinubog ng batas.

Mga batas itong masusing inisip
Ng ating kapuwang nagmamalasakit.
Kabutihan natin ang kanilang ibig,
Lagi, ang malayo sa mga panganib.

**[ANTI]**

Ipinakita na sa 'ting kasaysayan
Na ang manlulupig ay nilalabanan
At tinutuligsa nitóng Katipunan—
Ng UP, Arneo, at pati ng Miriam.

Ang sabi ng pulis, ika'y "tumahimik."
"Hindi ikukulong ang hindi iimik."
Kahit ang Martial Law ay di manumbalik,
Ang Terror Law naman kanyang kapalit.

Ang Anti-Terror Law, may hidden agenda:
Piringan ang mata, bawal ang pagpuna,
At lagyan ng busal ang bibig ng midya
Nang ang taumbayan ay magmukhang tanga.

At kayang utuin sa balitang huwad
Na sa social media ay ipakakalat
Na pag naglilingkod, sila raw ay tapat,
Kahit pa sa TikTok, mukha'y ilalapat.

**[PRO]**

Pa'no mo nasabing may lihim na balak
Ang Anti-Terror Law, hangad ay busilak.
Sa ating sa dahas ay itinutulak
Nitong terorismong sadyang mapangwasak.

Ating kaligtasan, pangunahin rito
Mulang masasamang mga elemento.
ISIS at Mauteng nandedelikado,
Marawi'y napulbo dahil sa ekstremo.

At kung iniisip, midya ay maaapi,
Dapat ang fourth estate, turing ay kakampi
Ng ating estadong di bulag, di bingi
Sa katotohanan handang umintindi.

Sino ba talaga ang s'yang gumagawa
Ng fake news-maryosep, nakakaasiwa.
Marami talagang sa katwira'y dukha.
Pilit 'tinatago ang pangil sa mukha.

**[ANTI]**

Ano nga ba'ng nais na makitang mukha?
Ang kara ng lider na kumakalinga,
Ang may malasakit sa kaniyang kapuwa,
Di patulog-tulog at nakatunganga?

Itong karapatang hindi nilalabag,
Kung oposisyon ma'y di kinakaladkad,
Di tinutuligsa, at di niyuyurak,
Bagkus ay iangat, iahon sa lusak.

**[PRO]**

Ano nga ang saysay nitong kalayaan
Kung kasangkapan lang ng sangkahayupan?
Mga hayop silang hangad ay taguan
Ang tunay na diwa ng pangangatwiran.

Napakahalagang mayroong suspetsa
Dahil ang hinala, madalas magbunga.
Kapag merong intel, nagtitik nang tama,
Tiyak mahuhúli, mga terorista.

**[ANTI]**

O, pag-astang labis ang kapangyarihan.

**[PRO]**

Umagang kay ganda, handa mong siraan.

**[ANTI]**

'Sinuko ang bayan sa mga dayuhan.

**[PRO]**

Tsino, Tsino, *Chira* itong aking bayan!

**[ANTI]**

Di makakailâng may nambubusabos!

**[PRO]**

Ginagawa ito nilang nang-uubos.

**[ANTI]**

"Oo" lang nang "oo" sa sobrang paggastos

**[PRO]**

Ng kaban ng bayan, bayang nakagapos.

**[ANTI]**

Halina't balikan ang Batas Militar,
Mga kabataan ay dito naasar.
Ang New Society ay mistulang lahar,
Nagkalat ng lagim sa bayan kong mahal.

Totoo rin namang may mga namundok,
Di rin naman lingid ang mga molotov,
May mga plano ring makubkob ang lungsod
At ang Malacañang ay nais malusob.

Dahil kay Golden Boy, also known as Apo,
Brutal na gusali't ugali—nauso.
Ang kaban ng bayan ang kanilang bangko,
Kayâ siya lodi ni Tatay Rodrigo.

**[PRO]**

Aking natutuhan, mulang mga teksbuk
Ang naging solusyon sa ating pagsubok.
Martial Law ang tugon sa lupit ng dagok
Upang ang pag-unlad ay mabigyang-hubog.

O, banal na teksbuk, na sa 'mi'y nagpilit
Na ang aming bayan ay napatahimik.
Walang nanggugulo ni mga balakid.
Tanging disiplina ang maiguguhit.

At buti na lámang sa New Society,
Ang turing sa Pinoy, angat, elegante.
Sa pangunguna 'to ng Marcos Family
Nanganak, nag-anak ng mga bayani!

**[ANTI]**

Ang Anti-Terror Law, di dapat mauna—
Ang dapat mauna: lunas sa corona.
Makinig sa doktor, pati sa siyens'ya,
Di sa puro talak ng utak pulbura.

Aanhin ba natin ang nasabing batas
Kung ang ating búhay ay di naman ligtas?
Sa aserong kamay ng lider na ungas,
Ang kaban ng bayan—pílit dinudugas.

Dagdagan ang pondong pambili ng vaccine,
Pati ang hazard pay ng nars, ibigay din!
At kung komunista ay nais ubusin,
Sa West Philippine Sea, sila ay sugurin.

**[PRO]**

Kung kani-kanina, ako'y nagtatanggol
Sa Terror Law ngayong pumapalakol
Sa diwa ng layà't nais na mang-ulol.
Kung ako'y namulat: sana all, sana all.
Nakumbinsi ako sa 'yong argumento
Sa 'ting kalayaan, giliw na katalo.
Katulad na kitá, hindi instrumento
Ng mga pasista: junk, junk, junk Terror Law!

Kayâ mga teksbuk ay dapat matupok
Sa ating dakilang gálit, masusunog.
Di táyo papayag, ganap na maubos
Itong never again, di makalilimot!

**[LAKANDIWA]**

Nagbakbakan silang dalawang magiting
Sa pahinang ito ginawa ang boksing.
Sa mga palítan, táyo'y ginigising:
Kahit sa new normal may puwang ang sining.

Mga manlilikha ng mahal na bayan,
Huwag sana táyong manghina't panawan
Ng lakas ng loob at paninindigan.
Dahil karapatan lagi ang lumaban.

Kaming The Makatàs ay kakapit-bisig,
"Tindig" din ang tawag sa bersong sinambit.
Nawa'y sa inyong puso . . . nag-aambag ng dilig,
Upang muling taas-kamaong #TUMINDIG!